

2023/2024

Aplikasyon ng Sambahayan para sa mga
Iskema ng Pagbibigay Tulong Pinansyal sa
mga Mag-aaral



Tanggapan ng Pananalapi ng Mag-aaral
Ahensya Para sa Tulong Pinansyal para sa Nagtatrabahong Pamilya at
mga Mag-aaral

(Tagalog)

Ang "Form ng Aplikasyon ng Sambahayan para sa mga Iskema ng Pagbibigay Tulong Pinansyal sa mga Mag-aaral" ay form ng aplikasyon na batay sa pamilya na tumutulong sa mga pamilyang may (mga) anak na nag-aaral sa primarya o sekundaryong (mga) paaralan o (mga) kindergarten / sentro ng pangangalaga sa bata na mag-aaplay para sa pinansyal na tulong ng mag-aaral.

PAMANTAYAN NG KWALIPIKASYON

- (i) Kailangang pumasa sa means test ang mga aplikante at maging magulang o tagapag-alaga (tulad ng kinikilala sa ilalim ng Ordinansa sa Pangangalaga sa Menor de Edad, Cap 13) ng mga mag-aaral na aplikante. Kung hindi man, dapat ipaliwanag ng mga aplikante nang detalyado na may katibayan kung bakit hindi ito maaaring masunod sa form ng aplikasyon;
- (ii) Ang mga aplikanteng mag-aaral ay dapat na mga residente ng Hong Kong na walang asawa, na may karapatang manirahan, karapatan sa lupa o balidong pahintulot upang manatili nang walang anumang kondisyon sa pamamalagi (maliban sa limitasyon ng pananatili) sa Hong Kong. Ang mga mag-aaral na may hawak na visa ng bisita, two-way exit na mga permit, mga visa ng mag-aaral lamang o ang mga umaasa sa may hawak ng visa ng mag-aaral / visa ng bisita ay hindi karapat-dapat na mag-aaplay para sa tulong pinansyal ng mag-aaral;
- (iii) Para sa mga aplikanteng mag-aaral na pumapasok sa Nursery, Mababa at Mataas na antas sa mga Kindergarten (K1 hanggang K3), dapat sila ay –
 - hindi bababa sa 2 taon at 8 buwan ang edad sa Agosto 31, 2023 (hal. ipinanganak sa o bago mag-Disyembre 31, 2020); at
 - nag-aaral sa Pangunahin (K1), Mababa (K2) at Mataas na antas (K3) sa Kindergarten na nakarehistro sa Kawanihan ng Edukasyon (EDB). Ang kindergarten ay dapat na isang non-profit na kindergarten, na nag-aalok ng lokal na kurikulum sa ilalim ng iskema sa edukasyon ng kindergarten.
- (iv) Para sa mga aplikanteng mag-aaral na pumapasok sa mga Sentro ng Pangangalaga sa Bata (grupong may edad na 0-2) at mga Sentro ng Pangangalaga sa Bata (grupong may edad na 2-3), sila ay dapat na –
 - nakakatanggap ng buong-araw na mga serbisyong pangangalaga sa mga sentro ng pangangalaga sa bata (mga crèche na pang-araw mga nursery na pang-araw o nauugnay na mga pangkat ng edad sa mga magkahalong kindergarten at sentro ng pag-aalaga sa bata) na nakarehistro sa Kagawaran ng Kapakanang Sosyal (SWD); at
 - ipasa ang pagsusuri ng mga "pangangailangang panipunan" sa loob ng parehong panahon ng pagtatasa; at
- (v) Ang mga paaralan na pinapasukan ng mga aplikanteng mag-aaral ay dapat na kabilang sa mga kategorya tulad ng nakasaad sa mga sumusunod na pamamaraan:

MGA ISKEMA NG TULONG PINANSYAL

- Ang **Iskema ng Pagbabawas ng Bayad sa Kindergarten at Sentro para sa Pangangalaga ng Bata (KCFR)** ay nagbibigay sa mga pamilyang nangangailangan ng pinansyal na tulong sa anyo ng pagbabawas ng bayad para sa kanilang mga anak na nag-aaral sa mga Pangunahin, Mababa at Mataas na antas sa mga lokal na non-profit na kindergarten sa ilalim ng pamamaraan sa edukasyon ng kindergarten at/o pagtanggap ng buong araw na mga serbisyo sa pangangalaga ng bata sa mga sentro ng pangangalaga sa bata.
- Ang **Kaloob para sa mga Gastusing may Kaugnayan sa Paaralan para sa mga Mag-aaral ng Kindergarten (Grant-KG)** ay nagbibigay ng karagdagang kaloob sa mga nangangailangang mag-aaral ng kindergarten na makakapasa sa pagsubok ng pangangailangan at makakatugon sa parehong pamantayan ng pagiging karapat-dapat sa ilalim ng Iskema ng KCFR upang bayaran ang mga gastusing may kaugnayan sa paaralan na nakamit mula sa edukasyon ng kindergarten sa ilalim ng pamamaraan sa edukasyon ng kindergarten.
- Ang **Pamamaraang Pagtulong para sa mga Aklat sa Paaralan (TA)** ay nagbibigay ng tulong sa nangangailangang Primarya 1 hanggang Sekondaryo 6 na mga mag-aaral sa pamahalaan, na natulungan, sa bawat caput na kaloob na mga paaralan at mga lokal na paaralan sa ilalim ng Iskema ng Direktang Subsidiya para sa pagsaklaw sa mga gastos ng mga mahahalagang mga aklat-aralin at mga iba't ibang mga-kaugnay-sa-paaralan na mga gastusin.
- Ang **Iskema ng Subsidiya para sa Paglalakbay ng Mag-aaral (STS)** ay nagbibigay ng tulong na salapi sa transportasyon sa mga nangangailangang mag-aaral na pumapasok sa primarya o sekundaryong paaralan o ng buong-araw na kurso hanggang sa unang antas sa isang katanggap-tanggap na institusyon, na naninirahan sa mahigit na 10 minuto paglalakad na layo mula sa kanilang paaralan; at mga nangangailangang maglalakbay tungo sa paaralan sa pamamagitan ng pampublikong sasakyan.
- Ang **Iskema ng Subsidiya para sa Bayarin Upang Magkaroon ng Akses sa Internet (SIA)** ay nagbibigay ng tulong na salapi sa mga pamilyang nangangailangan na ang mga anak ay full-time na mga mag-aaral na tumatanggap ng edukasyon sa primarya o sekundaryong antas, o full-time na mga mag-aaral na kumukuha ng Diploma ng Iniaangkop na Edukasyon (DAE) / Diplomang Yi Jin (DYJ) (kilala bilang Yi Jin Diploma (YJD) noong 2016) mga programa o katumbas na mga kurso ng Konseho ng Bokasyonal na Pagsasanay (VTC) upang matugunan ang mga bayarin sa pag-akses ng Internet para sa e-learning sa bahay para sa kanilang mga anak (halimbawa, ang mga bayarin para sa Serbisyo ng broadband internet o mga SIM card na galing sa mga telecom operator). **Ang subsidiya ay ibinibigay sa bawat tahanan.** Ang mga karapat-dapat na pamilya ay makakatanggap ng flat-rate cash na kaloob sa batayan ng sambahayan, hindi alintana ang bilang ng mga bata sa pamilya.

MGA PAMAMARAAN NG APLIKASYON

Upang pangasiwaan ang aplikasyon at para sa proteksyon ng kapaligiran, ang Tanggapan ng Pananalapi ng mga Mag-aaral (SFO) ay hinihikayat ang mga aplikante na magsumite ng elektronikong aplikasyon. Kung nais ng mga pamilya na mag-aplay para sa tulong pinansyal ng mag-aaral para sa taon ng paaralan 2023/24, maaari nilang makuha ang "SFO E-link – Aking mga Aplikasyon (Iskema ng Pinansyal na Tulong para sa antas bago ang primarya, Primarya, at Sekondarya): (<https://ess.wfsfaa.gov.hk/espps>) upang makumpleto at isumite ang elektronikong dokumento ng aplikasyon online, o ibalik ang kumpletong nakaimprentang form ng aplikasyon (SFO 106B o SFO 7B) kasama ang lahat ng mga kinakailangang pangsuyupang dokumento sa SFO nang direkta sa pamamagitan ng koreo. Ang mga aplikante ay kailangang basahin ang Talaan ng Gabay sa Aplikasyon ng Sambahayan nang maigi bago kumpletuhin ito. Ang bawat pamilya ay dapat magsumite ng isang aplikasyon lamang. Ang maraming aplikasyon mula sa parehong aplikante ay mapapawalang bisa at maaring humantong sa pagkaantala ng pagproseso ng aplikasyon. Ang mga pamamaraan ng aplikasyon ay nakadetalye sa ibaba -

(i) Naaangkop sa mga Aplikasyon para sa Tulong Pinansyal para sa Primarya at Sekondaryong mga Mag-aaral

Tinatangay Oras	Pamamaraan
Sa o bago matapos ang Mayo 2023	Ang mga aplikante ay kailangang isumite ang kumpletong dokumento ng aplikasyon, i-upload ang mga kopya ng lahat ng naaangkop na dokumento at isumite silang lahat nang magkakasama online, o magsumite ng nakumpletong naka-imprentang dokumento ng aplikasyon kasama ang pandagdag na form (kung naaangkop) at mga kopya ng nauugnay na mga sumusuportang dokumento sa SFO sa pamamagitan ng koreo, gamit ang naka-address na sobre na ibinigay.
Para sa mga aplikanteng binayaran ang Tulong para sa Aklat-Aralin sa Paaralan sa 2022/23	
Huling Bahagi ng Hulyo / Agosto 2023	Kung ang mga aplikanteng nagsumite ng mga aplikasyon sa o bago ang Mayo 31, 2023 ay nakapagbigay ng lahat ng kinakailangang impormasyong may mga sumusuportang dokumento, nakamit ang pamantayan sa pagiging karapat-dapat at pumasa sa pagsubok ng pangangailangan, ilalabas ng SFO ang probisyonal na Tulong para sa Aklat-Aralin sa Paaralan sa mga kwalipikadong mag-aaral at ang Subsidiya para sa Bayarin Upang Magkaroon ng Akses sa Internet para sa mga kwalipikadong pamilya sa pamamagitan ng autopay sa katapusan ng Hulyo / Agosto 2023. Ang mga aplikanteng nagsumite ng aplikasyon online ay tatanggap ng probisyon na Pagtulong para sa Aklat sa Paaralan at Subsidiya para sa mga Bayarin Upang Magkaroon ng Akses sa Internet nang mas maaga kaysa sa mga aplikanteng gumamit ng mga naka-imprentang form. Maglalabas din ang SFO ng abiso ng resulta# sa mga aplikante sa katapusan ng Hulyo/Agosto 2023. Ang "Abiso ng Pagiging Hindi Kwalipikado" ay ibibigay sa mga pamilyang hindi nakapasa sa pagsubok ng pangangailangan; nabigong magbigay ng kinakailangang karagdagang impormasyon sa huling araw o oras na itinakda ng SFO; o binawi ang kanilang mga aplikasyon.
Magsisimula sa katapusan ng Oktubre / unang bahagi ng Nobyembre 2023	Para sa mga mag-aaral na binayaran ng probisyonal na TA, muling kakalkulihin ng SFO at tutukuyin ang halaga ng mga tulong na pera na karapat-dapat para sa mga aplikante at i-release ang natitirang halaga ng tulong na pera sa mga aplikante o bawiin ang sobrang bayad mula sa mga aplikante, kapag magagamit ang halaga ng kaloob na aklat-aralin para sa taon ng paaralan 2023/24 at ang impormasyon sa paaralan ng aplikanteng mag-aaral ay naberipika sa database ng EDB simula (ng bandang katapusan ng Oktubre / maagang bahagi ng Nobyembre 2023).
Para sa mga aplikanteng HINDI nabayaran ang Tulong para sa Aklat-Aralin ng Paaralan sa 2022/23 o may mga anak na mag-aaral sa P1 sa 2023/24	
Agosto 2023	Kung ang mga aplikanteng nagsumite ng mga aplikasyon noong o bago ang Mayo 31, 2023 ay naibigay ang lahat ng kinakailangang impormasyong may pagsuportang mga dokumento, ilalabas ng SFO ang "Abiso ng Resulta" #, ang Sertipiko ng Pagiging Kwalipikado (EC) at ang "Mga Patnubay sa Aplikasyon para sa Pamamaraan ng Tulong Pinansyal" sa mga kwalipikadong aplikante mula sa Agosto 2023. Ang "Abiso ng Pagiging Hindi Kwalipikado" ay ibibigay sa mga pamilyang hindi nakapasa sa pagsubok ng pangangailangan; nabigong magbigay ng kinakailangang karagdagang impormasyon huling araw o oras na itinakda ng SFO; o binawi ang kanilang mga aplikasyon.
Setyembre 2023	Ang mga aplikanteng tumatanggap ng ECs ay dapat beripikahin nang mabuti ang personal na impormasyon at piniliing (mga) Pamamaraang naunang nakaimprenta sa ECs. Dapat ibalik ng mga aplikante ang nakumpletong ECs sa paaralan kung saan pumapasok ang mga bata sa loob ng isang linggo pagkatapos ng petsa ng pagsisimula ng paaralan o sa loob ng dalawang linggo mula sa petsa ng pag-isyu ng ECs (alinman ang mas nahuli) para sa pagproseso. Sesertipikahan ng mga paaralan ang estado ng mga mag-aaral na aplikante at pagdalo at pagkatapos ay ipapasa ang ECs sa SFO. Sa pangkalahatan, hindi tatanggapin ng SFO ang anumang ECs na isumumite matapos ang nakatakdang huling araw ng pagpasa.

Katapusan ng Oktubre / Maagang Bahagi ng Nobyembre 2023 o higit pa	Matapos maberipika ang ibinalik na EC, ipapalabas ng SFO ang pinansyal na tulong sa pamamagitan ng autopay sa mga mag-aaral na nakumpirmang karapat-dapat para sa mga Pamamaraang kanilang inaplayan. Ang SFO ay magpapadala ng SMS upang ipaalam sa mga kwalipikadong aplikante ang mga kaugnay na impormasyon sa kabayaran, kung ang mga aplikante ay ibinigay ang kanilang lokal at balidong numero ng telepono sa form ng aplikasyon.
--	---

Para sa mga aplikanteng may mga anak na nag-aaplay para sa tulong pinansyal para sa antas bago ang primarya na mga mag-aaral sa 2023/24 nang sabay-sabay, ipapalabas ng SFO ang "Abiso ng Resulta" kasama ng Sertipiko ng Paaralan (SC) sa mga kwalipikadong mga pamilya. Para sa mga detalye, mangyaring sumangguni sa mga pamamaraan ng aplikasyon na naaangkop sa tulong pinansyal para sa mga antas bago ang primarya na mga mag-aaral.

(ii) Naaangkop sa mga Aplikasyon para sa Tulong Pinansyal para sa mga Mag-aaral ng Antas bago ang Primarya

Tinatang Oras	Pamamaraan
Para sa mga aplikanteng nabayaran ng pinansyal na tulong para sa mga mag-aaral ng antas bago ang primarya lamang (hindi kabilang ang mga mag-aaral na papasok sa P1 sa taon ng paaralan 2023/24) sa 2022/23	
Sa o bago ang katapusan ng Hunyo 2023	Ang mga aplikante ay kinakailangang magsumite ng kumpletong elektronikong dokumento ng aplikasyon, i-upload ang mga kopya ng lahat ng kinakailangang dokumento at isumite sila ng magkasama online, o isumite ang nakumpletong nakaimprentang dokumento ng aplikasyon kasama ang Dokumento sa Pagtatasa ng Mga "Kinakailangang Panlipunan" (kung naaangkop) at mga kopya ng nauugnay na mga pangsuportang dokumento sa SFO sa pamamagitan ng koreo, gamit ang naka-address na sobrang ibinigay.
Agosto 2023 o pasulong	Kung ang mga aplikanteng nagsumite ng mga aplikasyon noong o bago ang Hunyo 30, 2023 ay nagbigay na ng lahat ng kinakailangang impormasyong may mga pangsuportang dokumento, ilalabas ng SFO ang "Abiso ng Resulta" *, kasama ang mga SC sa kwalipikadong mga mag-aaral na aplikante simula Agosto 2023. Ang mga naaangkop na SC lamang ang naaayon para sa mga mag-aaral na aplikanteng lilipat sa ibang paaralan sa taon ng paaralan 2023/24, kung saan ang klase at sesyon ay iba mula sa mga naunang nakaimprenta o na nag-aaplay para sa tulong pinansyal para sa mga mag-aaral ng antas bago ang primarya sa unang pagkakataon. Sa ganitong mga kaso, dapat isumite ng mga aplikante ang SC sa papasukang paaralan para sa 2023/24 hangang Agosto 31, 2023 o sa loob ng dalawang linggo mula sa petsa ng pag-isyu ng SC (alinman ang mas nahuli) para sa pagproseso.
Para sa mga aplikanteng HINDI binayaran ng tulong pinansyal para sa mga mag-aaral ng antas bago ang primarya sa 2022/23	
Hulyo 2023 o pasulong	Ipapamahagi ng SFO ang "Form ng Aplikasyon ng Sambahayan para sa Pamamaraan ng Pagbibigay ng Tulong Pinansyal sa mga Mag-aaral" kasama ang SC sa mga aplikante sa pamamagitan ng mga paaralan at tumanggap ng mga aplikasyon simula Agosto 1, 2023. Dapat ibalik ng mga aplikante ang nakumpletong naimprentang form ng aplikasyon sa SFO nang direkta sa pamamagitan ng koreo o isumite ang elektronikong aplikasyon online sa lalong madaling panahon at isumite ang SC sa papasukang paaralan para sa 2023/24 bago mag-Agosto 31, 2023 para sa pagproseso.

Mga Paalala

- (i) Kung ang mga pamilyang kasalukuyang nakatatanggap ng Kumprehensibong Tulong sa Panlipunang Seguridad (CSSA) ay may mga anak na nag-aaral sa mga primarya at sekundaryong paaralan o mga kindergarten at iba pang mas mababang antas ng klase, dapat silang mag-aplay ng direkta sa SWD para sa tulong na may kaugnayan sa paaralan para sa mga bayarin sa paaralan, mga bayarin sa eksaminasyon, mga gastos sa aklat-aralin at papel, mga pamasahe sa transportasyon, bayarin sa pag-akses ng Internet sa bahay, atbp. para sa taon ng paaralan 2023/24. Hindi nila kailangang magsumite ng mga aplikasyon sa SFO.
- (ii) Kung nagsumite ang mga aplikante ng "Elektronikong Aplikasyon ng Sambahayan para sa Pamamaraan ng Pagbibigay ng Tulong Pinansyal sa mga Mag-aaral" para sa 2023/24 online, hindi na nila kailangan pang isumite ang naimprentang form ng aplikasyon sa SFO nang hiwalay.

- (iii) Sa ilalim ng normal na sitwasyon (maliban sa tulong pinansyal para sa mga mag-aaral ng antas bago ang primarya), hindi tatanggapin ng SFO ang anumang "Aplikasyon ng Sambahayan para sa Pamamaraan ng Pagbibigay ng Tulong Pinansyal sa mga Mag-aaral" na isinumite sa o pagkatapos ng Marso 1, 2024. Ang mga nakatakdang huling araw ng aplikasyon para sa mga indibidwal na Pamamaraan ng tulong pinansyal ay nakalista sa sumusunod na talahanayan –

Pamamaraan ng Tulong Pinansyal	Nakatakdang Huling Araw ng Aplikasyon
Pamamaraan ng Pagbabawas ng Bayad sa Kindergarten at Sentro para sa Pangangalaga ng Bata (KCFR)	Dapat isumite ng mga aplikante ang kanilang form ng aplikasyon sa SFO bago makumpleto ang pagpasok sa klase sa taon ng paaralan 2023/24 o nang hindi lalampas sa Agosto 15, 2024, alinman ang mas maaga. Kung hindi man, ang pagbabawas ng bayad ay karaniwang hindi maipapalabas kahit na maipasa nila ang pagsubok ng pangangailangan at matugunan ang pamantayan sa pagiging kwalipikado. Ang epektibong buwan ng pagbibigay ng bayad ay ang buwan kung saan ang mga form ng aplikasyon ay isinumite ng mga aplikante, o ang buwan kung saan ang mga mag-aaral na aplikante ay natanggap sa kindergarten / sentro ng pangangalaga sa bata, alinman ang mas nahuli.
Kaloob para sa May Kaugnayan sa Paaralan na mga Gastos para sa mga Mag-aaral ng Kindergarten (Grant-KG)	Dapat isumite ng mga aplikante ang kanilang form ng aplikasyon sa SFO bago makumpleto ang pagpasok sa klase sa taon ng paaralan 2023/24 o nang hindi lalampas sa Agosto 15, 2024, alinman ang mas maaga. Kung hindi man, ang Grant-KG sa pangkalahatan ay hindi mababayaran kahit na maipasa nila ang pagsubok ng pangangailangan at matugunan ang pamantayan sa pagiging kwalipikado.
Iskema ng Pagtulong para sa mga Aklat sa Paaralan (TA)	Dapat isumite ng mga aplikante ang kanilang form ng aplikasyon sa SFO sa o bago mag-Okubre 31, 2023. Kung hindi man, sa pangkalahatan ay hindi maipapalabas ang Tulong sa Aklat-aralin sa Paaralan kahit na pumasa sa pagsubok ng pangangailangan at matugunan ang pamantayan ng pagiging karapat-dapat ang mga aplikante.
Iskema ng Subsidiya para sa mga Mag-aaral (STS)	Para sa mga aplikanteng nagsumite ng kanilang form ng aplikasyon sa o pagkatapos ng Nobyembre 1, 2023, kailangang maipasa ang pagsubok ng pangangailangan at matugunan ang pamantayan sa pagiging kwalipikado, ang pagbabayad sa Subsidiya para sa Paglalakbay ng Mag-aaral (kung naaangkop) sa matagumpay na mga mag-aaral na aplikante ay maaaring magsimula sa petsa ng pagtanggap ng aplikasyon o ang petsa ng pagkatanggap ng estudyanteng aplikante sa paaralan (o ang petsa ng paghinto ng CSSA para sa mga mag-aaral na dating tumatanggap ng CSSA), depende sa mga kalagayan ng indibidwal na mga kaso.
Iskema ng Subsidiya para sa Bayarin Upang Magkaroon ng Akses sa Internet (SIA)	Para sa mga aplikanteng nagsumite ng kanilang mga form ng aplikasyon sa petsa na o pagkatapos ng Pebrero 1, 2024 (hal. Sa dakong huli ng kalagitnaan ng taon ng paaralan 2023/24), ang parsyal na pagbabayad ng SIA ay maaaring gawin sa matagumpay na mga aplikante kung pumasa ang mga aplikante sa pagsubok ng pangangailangan at matugunan ang pamantayan ng pagiging karapat-dapat.

- (iv) Kikilalanin ng SFO ang pagtanggap ng mga aplikasyon sa pamamagitan ng SMS sa pamamagitan ng mga numero ng cellphone ng mga aplikante sa Hong Kong o sa pamamagitan ng sulat (naaangkop sa mga aplikanteng hindi makakapagbigay ng numero ng cellphone sa Hong Kong). Kung hindi nakatanggap ang aplikante ng anumang pagkilala ng pagtanggap ng aplikasyon sa pamamagitan ng SMS o sa pamamagitan ng sulat mula sa SFO sa loob ng 20 araw ng trabaho matapos na isumite ang kanilang form ng aplikasyon, mangyaring tawagan ang hotline ng SFO (2802 2345) para sa mga katanungan upang suriin kung natanggap ng SFO ang kanilang aplikasyon upang maiwasan ang pagkaantala sa aplikasyon dahil sa mali / hindi matagumpay na paghahati.
- (v) Kung mayroong anumang pagbabago sa mga impormasyon tungkol sa pamilya ng aplikante (hal. mga miyembro ng pamilya, pinansyal na antas, atbp.) pagkatapos ang nakatakdang pagtatasa (mula Abril 1, 2022 hanggang Marso 31, 2023), maaaring ipaalam ito sa amin ng aplikante sa pamamagitan ng sulat kasama ang mga naaangkop na pangsuportang dokumento. Ikokonsidera ng SFO ang bawat kaso ayon sa mga indibidwal na merito.

ANG MEANS TEST AT MGA ANTAS NG TULONG

- (i) Gagamitin ng SFO ang mekanismo ng "Inayos na Kita ng Pamilya" (AFI) bilang pagsubok ng pangangailangan upang tasain ang pagiging kwalipikado ng isang pamilya para sa tulong pinansyal ng mag-aaral at antas ng tulong nito. Ang formula ay ang sumusunod:

$$AFI = \frac{\text{Pangkalahatang taunang kita ng pamilya}}{\text{Bilang ng mga miyembro ng pamilya} + (1)}$$

- (ii) Kabilang sa pangkalahatang taunang kita ng pamilya ang taunang kita ng aplikante at ng kanyang asawa; 30% ng taunang kita ng mga anak na walang asawa/mga bata na naninirahan sa pamilya kung naaangkop; at ang kontribusyon mula sa mga kamag-anak/kaibigan kung naaangkop.
- (iii) Ang mga miyembro ng pamilya ay karaniwang tumutukoy sa aplikante, kanyang asawa, mga anak na walang asawa/mga bata na naninirahan kasama ang pamilya at ang umaasang (mga) magulang na suportado ng aplikante at/o ang kanyang asawa.
- (iv) Para sa mga nag-iisang magulang na pamilya ng 2 hanggang 3 miyembro, ang "plus 1 factor" sa panghati ng formula ng AFI ay tataas ng 2.
- (v) Ang mga pamantayan ng pagiging kwalipikado sa AFI para sa iba't-ibang mga antas ng tulong sa 2023/24 taon ng paaralan ay nakalista sa talahanayan sa ibaba. Pakitandaan na ang AFI ay hindi ang katampatang buwanang kita ng pamilya.

Taon ng paaralan 2023/24 - Mga Grupo ng AFI (HK \$)	Antas ng Tulong
0 – 43,495	Buo (100%) *
43,496 – 84,105 #	Kalahati (50%)
> 84,105	Hindi kwalipikado (hindi matagumpay ang mga aplikasyon)

* Ang mga hangganan ng AFI para sa buong antas ng tulong para sa pamilyang may 3 miyembro at 4 miyembro na pamilya ay \$52,657 at \$48,445 ayon sa pagkakabanggit sa taon ng paaralan 2023/24. Para sa mga pamilyang may 2 miyembro at nag-iisang magulang at mga pamilyang may 3 miyembro at nag-iisang magulang, sila ay itinuturing na mga pamilyang may 3 miyembro at mga pamilyang may 4 miyembro ayon sa pagkakabanggit para sa pagtukoy ng hangganan ng AFI para sa buong antas ng tulong at pagkalkula ng AFI.

Para sa tulong pinansyal para sa mga antas bago ang primarya na mga mag-aaral, ang antas ng tulong ay 3/4 (75%) kung ang AFI ng mga pamilya ay nasa pagitan ng \$43,496 at \$53,280; at ang antas ng tulong ay kalahati (50%) kung ang AFI ay sa pagitan ng \$53,281 at \$84,105.

PAGPAPALABAS NG TULONG NA PERA

- Para sa tulong pinansyal para sa mga mag-aaral sa primarya at sekundarya, magpapalabas ang SFO ng tulong pinansyal sa pamamagitan ng autopay sa mga kwalipikadong mga aplikante. (Tandaan: Ang probisyonal na halaga ng TA at SIA ay karaniwang inilalabas sa mga kwalipikadong aplikante mula bandang Hulyo/Agosto habang ang STS ay karaniwang inilalabas mula bandang katapusan ng Oktubre / unang bahagi ng Nobyembre pasulong. Ang mga bagong aplikante ay karaniwang binabayaran ng mga tulong na pera sa o pagkatapos ng katapusan ng Oktubre / unang bahagi ng Nobyembre.)
- Para sa tulong pinansyal para sa mga mag-aaral ng antas bago ang primarya, ang aprubadong halaga ng pagbabawas ng bayad ay babayaran sa mga kindergarten / sentro ng pangangalaga sa bata nang direkta sa Ingatang Yaman sa humigit-kumulang na 10 araw ng trabaho matapos ang pag-isyu ng abiso ng resulta sa halaga ng pagbabawas ng bayad. Isasaayos ang mga pagbabayad sa mga aplikante sa pamamagitan ng mga kindergarten / sentro ng pangangalaga sa bata. Ang Pagbabahagi ng Kabayaran na may Kinalaman sa Paaralan para sa mga Mag-aaral ng Kindergarten ay ipapamahagi sa pamamagitan ng autopay sa mga kwalipikadong mga aplikante. (Tandaan: Babayaran ng SFO ang pagbabawas ng bayad sa matagumpay na mga aplikante sa pamamagitan ng mga kaukulang paaralan at ang Kaloob para sa May Kaugnayan sa Paaralan na mga Gastusin para sa mga Mag-aaral ng Kindergarten sa pamamagitan ng autopay sa account ng banko ng kwalipikadong mga aplikante bawat batch simula sa pagtatapos ng Setyembre 2023.)

MGA KATANUNGAN

- Para sa mga katanungang may kaugnayan sa mga pamamaraan ng tulong pinansyal at mga proseso ng aplikasyon, mangyaring tawagan ang aming 24-oras na hotline para sa mga katanungan sa 2802 2345. Kung nais ng mga aplikanteng magtanong tungkol sa mga usapin ng aplikasyon sa pamamagitan ng paggamit ng 8 wika bukod sa Tsino at Ingles (kabilang ang Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Tagalog, Thai, Urdu at Vietnamese) kapag tumawag sa hotline, mangyaring piliin ang "Iba Pang Mga Wika" sa pamamagitan ng pagpindot sa '4' matapos maikonekta ang linya ng telepono. Bilang alternatibo, maaaring bisitahin ng mga aplikante ang website ng Ahensya ng Pinansyal na Pagtulong para sa mga Nagtatrabahong Pamilya at mga Mag-aaral para sa iba pang karagdagang impormasyon.
- Maaring makipag-ugnayan ang mga aplikante sa Sentro para sa Pagkakaisa at Pagpapahusay ng mga Naninirahang Etnikong Minorya (Centre for Harmony and Enhancement of Ethnic Minority Residents; CHEER) sa pamamagitan ng telepono kung ang mga serbisyon pagsasalin at interpretasyon sa Ingles at ang 8 pang ibang wika ay kinakailangan. Ang mga numero ng hotline ng CHEER ay nakalista sa ibaba – Bahasa Indonesia (3755 6811); Hindi (3755 6877); Nepali (3755 6822); Punjabi (3755 6844); Tagalog (3755 6853); Thai (3755 6866); Urdu (3755 6833) at Vietnamese (3755 6888). Maaari ring bisitahin ng mga aplikante ang homepage ng CHEER (<http://www.hkcscheer.net>) para sa mga detalye ng mga serbisyo nito.